Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna
-73-

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

Sa puntong ito ay ipinaalam ni Pang. Punong-bayan Dictado ang kalunos-lunos na naganap sa Barangay Caingin kung saan nagkaroon ng mga biktimang tulad ng sumusunod: 1 kataong namatay; 6 na katao ang nasaktan; 24 ang nasirang motor; 6 ang narisaan ng refrigerator at 4 ang nasirang television set sanhi ng diumano'y pagkakaroon ng short circuit ng kuryente.

Ipinayo ng Punong-bayan na hingan ng pinanumpaang salaysay ang lahat ng napinsala at sa pamamagitan ng mungkahi ni Kag. Perez na pinangalawahan ni Kag. Dungao ay binigyan ng kapangyarihan si Pang. Punong-bayan Dictado at Kag. Entena na magsiyasat at magbigay mungkahi upang malunasan at matulungan ang mga napinsala at gayundin ay alamin kung ang nangyari ay sanhi ng kapabayaan ng Meralco.

****

Inalam naman ng kapulungan kay Kag. Perez ang kasalukuyang kalalagayan ng panukalang paglalagay ng numero sa mga bahay. Ipinaliwanag ni Kag. Perez na nagiging suliranin kung paanong pamamaraan ang gagawing pagnunumero sa mga bahay na nasasaloob o nasa interior. Ipinaalala ng Punong-bayan na noong ang paksang ito ay napag-usapan ay pinagpasiyahan na ng kapulungan na magiging sunod-sunod na ang paglalagay ng bilang sa lahat ng bahay. Pinagpasiyahan din na ang bawa't barangay ay magsisimula sa unang bilang.

****

Sa puntong ito ay muling pinaksa ang panukalang pagpapagawa ng Amphi-theatre sa Liwasang Bayan. Muli ay kinilala ng kapulungan ang pagpapaliwanag nina Bb. Masangkay, Landscape Architect at Arch. Ernie Gonzales. Matapos ang maikling pagpapaliwanagan ay pinagpasiyahan ang:

KAUTUSANG BAYAN BLG. XXV-'91
(Sa mungkahi ni Pang. Punong-bayan Dictado na pinangalawahan ni Kag. Tiongco)

ANG KAUTUSANG BAYAN
na nagtitibay ng paglilipat ng halagang ISANGDAAN AT LIMAMPUNG LIBONG PISO (₱150,000.00) mula sa "Continuing Appropriation" upang maging karagdagang gastusin para sa pagpapagawa ng Amphi-Theatre sa Liwasang Bayan ng Santa Rosa, Laguna.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan

EMILIO M. TIONGCO
Kagawad

ERIC T. PUZON
Kagawad

URIEL T. MANGAHIS
Kagawad

ADELO T. PEREZ
Kagawad

ANTONIO G. DUNGAO
Kagawad

AVELINA R. GIRONELLA
Kagawad

REYNALDO C. ENTENA
Kagawad

RAMON G. MARCELO
Kagawad